University of Bohol Advancing Filipino Research Journal Volume 2 • September 2024
DOI: https://doi.org/10.15631/ubafrj.v2i1.210

# AWITING BISAYA SA MUSIKA NG PILIPINAS *(VISPOP)*: ISANG MAPANGHAMON NA PAGLALAKBAY SA LARANGAN NG KOMUNIKASYON AT PANANALIKSIK SA WIKA AT KULTURANG PILIPINO

**MITZI RIVA M. ISULAT[1], CATHERINE B. ORCULLO[2]**
[1]Pres. Carlos P. Garcia Technical Vocational School of Fisheries and Arts – Puerto San Pedro
, Bien Unido, Bohol, [2]Bohol Island State University – Carlos, P. Garcia Avenue, Tagbilaran City, 6300 Bohol

***Corresponding Author: mitzirivaisulat@gmail.com***

## ABSTRAK

***Article History***

Submission: April 1, 2024
Revised: May 24, 2024
Accepted: July 17, 2024
Publication: September 2024

***Keywords***— Awiting Bisaya, Visayan Popular, VisPop, Wika, Kulturang Pilipino, Komunikasyon, Pananaliksik, Thematic Content Analysis

Ang wika ay isang mahalagang instrumento sa pakikipag-ugnayan at pagpapalaganap ng kultura. Kasama ng wika, ang musika ay isang paraan ng pagpapahayag ng damdamin at ideya. Sa pag-usbong ng Visayan Popular (VisPop), isang genre ng musika mula sa Kabisayaan, naging makulay ang pagtangkilik ng kabataan sa mga musikang Bisaya, bagamat mas popular ang banyagang musika. Dito pumapasok ang mahalagang papel ng guro sa pagpapalaganap ng wika at kultura sa pamamagitan ng mga awiting Bisaya. Ang pag-aaral na ito ay ginamitan ng kwalitatibong disenyo at thematic content analysis upang maipakita ang mensahe ng mga piling awiting Bisaya. Napili bilang kalahok ang mga Grade 11 na mag-aaral ng

© M.R.M. Isulat and C.B. Orcullo (2024). Open Access. Ang artikulong ito na inilathala ng UB Advancing Filipino Research Journal ay lisensyado sa ilalim ng Creative Commons Attribution-Noncommercial 4.0 International (CC BY-NC 4.0). Ikaw ay malayang makakapagbahagi (kopyahin at muling ipamahagi ang materyal sa anumang medium o format) at makakapag-angkop (remix, baguhin, at bumuo sa materyal). Sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon, kailangan mong bigyan ng wastong kredito, magbigay ng link sa lisensya, at ipahayag kung may mga pagbabago na ginawa. Maaari mong gawin ito sa anumang makatuwirang paraan, ngunit hindi sa paraang nagmumungkahi na ang nagbigay ng lisensya ay sumusuporta sa iyo o sa iyong paggamit. Hindi mo maaaring gamitin ang materyal para sa mga layuning komersyal. Upang makita ang isang kopya ng lisensyang ito, bisitahin ang: https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

Pres. Carlos P. Garcia Technical Vocational School of Fisheries and Arts. Ang mga awit Bisaya ay may iba't ibang mensahe tulad ng pag-ibig, pagkabigo, pagmamahal, at pagmamalaki sa pagiging Bisaya. Ipinakita sa mga awit ang malalim na pagpapahalaga sa pamilya, komunidad, at ugnayan ng mga tao. Iminumungkahi ng pag-aaral na isama ang mga awiting Bisaya sa kurikulum ng Komunikasyon at Pananaliksik upang mapalaganap ang pagpapahalaga sa sariling wika at musika ng Pilipinas.

## INTRODUKSYON

Ang musikang Pilipino ay hindi lamang tumutukoy sa mga nagdaang awitin kundi ito ay buhay tulad ng wika at patuloy na nagbabago. Wika ang bumubuo sa mga musikang mayroon ang mga tao, sa tulong ng mga musikang ito'y naipahahayag ng tao ang kanilang damdamin. Datapwat, malaki ang impluwensiya ng musika sa paghubog ng isang wika. Binigyang-diin ni Hope (2023) ang musika ay nakatutulong na maging pokus, magkaroon ng konsentrasyon, magbigay ng inspirasyon, maghasa ng memorya, at gawing mas masaya ang buong proseso. Kung kaya maaaring maging isang magandang estratehiya ang paggamit ng musika sa pagtuturo ng wika upang mas maunawaan nila ang nilalaman at konteksto ng napakinggang awitin.

Ang *Classical Conditioning Theory* ni Pavlov (1897) hango kay (Beard, 2023), ay nagpapaliwanag ng pagkatuto sa pamamagitan ng ugnayan ng *neutral* at hindi kondisyong *stimuli*. Sa pamamagitan ng paulit-ulit na pakikinig sa mga tunog ng *VisPop*, nagiging kondisyonal na *stimulus* ito na nagdudulot ng emosyonal na reaksyon, tulad ng pagmamalaki at pagkakakilanlan sa pagiging Pilipino. Ang mga tunog at liriko ng VisPop, na konektado sa mga lokal na okasyon, ay nagpapalakas ng pagpapahalaga sa kultura, wika, at pagkakaisa ng mga Bisaya. Sa *Oral Tradition Theory* nina Parry at Lord (1933), itinatampok ang pagsasalita bilang pangunahing paraan ng paglipat ng kaalaman. Ang mga kultura na gumagamit ng *oral tradition* ay nag-iingat at naglilipat ng impormasyon sa pamamagitan ng pagsasalita at pandinig, imbes na pagsusulat. Ito ay isang dinamiko at pabago-bagong sistema ng komunikasyon (sa Foley, 2019).

Ayon sa *Critical Theory* ni Horkheimer (1972), ang karanasan ng isang tao ay sumasalamin sa kasaysayan at lipunan. Itinatampok ng teorya ang pagsusuri ng mga akda bilang produkto ng kamalayang panlipunan, na nakabatay sa interaksiyon ng tao sa kultura at lipunan. Ipinapakita nito kung paano ang kapaligiran ay nakaaapekto sa pagbuo ng personalidad at kamalayan ng indibidwal (Delahoyde, 2018).

Ayon naman sa *Uses and Gratification Theory* nina Blumler at Katz (1974), ang medya ay isang kasangkapan na ginagamit ng *audience* upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan. Kung ang mga mag-aaral ay tumangkilik sa musikang Pilipino tulad ng *VisPop*, nakasalalay sa kanila kung paano nila ito pahahalagahan at tatanggapin (Sridharan, 2022). Sa *Media Dependency*

*Theory* nina Ball-Rokeach at DeFleur (1976), ipinapakita na ang patuloy na paggamit ng media ay nagdudulot ng malaking impluwensya sa tao, kaya ang pagtangkilik ng kabataan sa mga banyagang musika ay nakakaapekto sa kanilang interes at kasanayan sa wika (Lin, 2015).

Sa pag-aaral ni Mandado (2020) na "Ang Penomenong Awiting *Visayan Popular* o *(VisPop)* sa Kabatang Sebwano" at ilang usaping wika at kultura, binigyang-diin ang kahalagahan ng istilong pangnilalaman sa pagkatuto ng wika at kultura sa pamamagitan ng musika, na may ugnayan sa emosyonal at sosyal na karanasan. Ipinakita na ang paggamit ng lokal na araling pangwika ay nagpapadali sa pagkatuto at pagpapalaganap ng sariling wika.

Ang musika ay may kakayahang magdulot ng emosyonal na karanasan, na may positibong epekto sa kognisyon at pagkatuto. Ayon sa pag-aaral nina Varona at Mandado (2020), mahalaga ang kaalaman sa paggamit ng teknolohiya sa edukasyon upang mapabuti ang paraan ng pagtuturo at pagkatuto. Ang teknolohiya, lalo na ang multimidya, ay nakatutulong sa pagpapalawak ng mga oportunidad sa edukasyon.

Sa global na konteksto, ipinakita nina Viega, McFerran, Derrington, & Saarikallio (2019) na ang digital na musika ay naging mahalagang bahagi ng kabataan sa buong mundo. Ang paggamit ng *mobile technology* ay nagbigay daan sa mabilis na pagpapalaganap ng musika at nakapagbigay ng mas maraming pagkakataon para sa kabataan na makipag-ugnayan sa kultura at lipunan. Ayon kay Guache (2021), nakatutulong ang musika sa pag-unlad ng personalidad ng mag-aaral at sa pagpapalawak ng kanilang kaalaman sa iba't ibang kultura.

Sa isang pag-aaral nina Jatap, Olazo, Paredes, & Pia (2017), natuklasan na ang musika ay isang epektibong estratehiya sa pagtuturo ng wika, na nagpapadali sa pagkatuto ng mga mag-aaral ng mga bagong salita at konsepto sa pamamagitan ng mga awit. Ang mga guro ay maaaring gumamit ng musika upang mapalakas ang koneksyon ng mga mag-aaral sa mga pamilyar na salita at makatutulong sa kanilang pang-unawa sa wika. Ayon kay Duran at Golingan (2020), ang OPM ay nagpapatunay ng kagandahan ng kulturang Pilipino, ngunit may mga kabataan na nahihirapan nang tangkilikin ito dahil sa impluwensya ng banyagang musika tulad ng *KPOP* at *American Pop*. Bagamat may mga pagbabagong nagaganap, patuloy ang pagtangkilik sa OPM at ang pagpapahalaga rito sa pamamagitan ng mga festival tulad ng *VisPop* at *Mindanao Music Festival*.

Ang pag-aaral na ito ay tumutukoy sa pagsusuri ng sampung piling awiting Bisaya (VisPop) batay sa kanilang mensahe, mga elemento ng kulturang Pilipino, simbolismo, at ugnayang panlipunan, lalo na sa emosyonal at sosyal na konteksto. Ipinapahayag ng mga awiting Bisaya ang mga tema ng pag-ibig, pagkakaisa, at tradisyon, na nagpapakita ng malalim na kaugnayan sa kultura at pagkakakilanlan ng mga Pilipino. Ang yaman ng kulturang Pilipino ay nasasalamin sa mga liriko ng awitin, kabilang ang pagpapahalaga sa pamilya, relihiyon, at mga simpleng karanasan sa araw-araw na buhay. Samantala,

ang simbolismo ay naipapakita sa pamamagitan ng mga imahe ng kalikasan, pagmamahal, at sakripisyo, na nagbibigay ng mas malalim na kahulugan sa mga tagapakinig. Sa aspeto ng ugnayang panlipunan, inilalarawan ng mga awit ang emosyonal na koneksyon ng indibidwal sa iba, pati na rin ang mga relasyon sa pamilya, komunidad, at lipunan.

## METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng kwalitatibong disenyo sa anyo ng thematic content analysis upang masusing suriin ang mga piling awiting Bisaya. Layunin nitong alamin kung anong mga kulturang Pilipino ang binigyang-halaga sa mga liriko ng awitin. Ang pagsusuri ay nakatuon sa mga simbolismong ipinahiwatig ng mga salita at pangungusap sa mga liriko. Iniugnay rin ito sa mga usaping panlipunan, emosyonal, at sosyal na nakapaloob sa mga awitin. Ang FGD o Focus Group Discussion ay ginamit upang tiyakin ang katotohanan ng mga datos at bumuo ng mga bagong pananaw hinggil sa layunin ng pag-aaral.

Upang bigyang-kahulugan ang mga datos, sinuri ang mga sagot ng mga impormante batay sa mga tema tulad ng mga mensahe, kulturang Pilipino, at simbolismong nakita sa mga awitin. Ang mga ideya at pananaw ay inuri at ipinangkat alinsunod sa kanilang pagkakahalintulad. Ang mga ito ay iniugnay sa mga teorya at literaturang sumusuporta sa pag-aaral.

Kumuha ang mananaliksik ng tatlumpung (30) mag-aaral sa Grade 11 ng Pres. Carlos P. Garcia Technical Vocational School of Fisheries and Arts bilang impormante. Ang pagpili ay nakabatay sa mga sumusunod na pamantayan: una, edad at antas akademiko; pangalawa, aktibong pakikilahok sa klase ng Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino; pangatlo, kasanayan sa Wikang Bisaya at Filipino; at panghuli, bukas at handang makilahok sa pag-aaral. Ang mga pamantayang ito ay nagbigay ng kredibilidad sa datos na nakalap.

Dalawang pangunahing instrumento ang ginamit: mga napiling awiting Bisaya at isang analysis sheet. Ang mga awitin ay hinango mula sa mga website at streaming platform gamit ang sumusunod na pamantayan: ito ay isang VisPop na awitin; napapanahon (2016–2022); naging hit song na may 500k–1M+ views sa YouTube; at kabilang sa VisPop list sa Spotify. Kabilang sa mga napiling awitin ang "Di Na" ni Kurt Fick (2022), "Pabugnaw sa Dagat" ng Dtribe Familia (2021), "Puhon" ni TJ Monterde (2020), at iba pa, na naglalaman ng mga liriko at temang kaugnay ng kulturang Pilipino.

Ginamit ang analysis sheet bilang talaan ng mga mensahe, kulturang Pilipino, simbolismo, at mga ugnayang panlipunan sa bawat awitin. Ang instrumentong ito ay dumaan sa pagsusuri ng mga eksperto upang masigurado ang kalidad at akurasi nito. Sumailalim din ang mananaliksik sa proseso ng paghingi ng pahintulot mula sa mga awtoridad at kalahok sa pamamagitan ng mga opisyal na liham.

Ang proseso ng pagsusuri ay naganap sa apat na bahagi: una, paggawa at pagrebisa ng talatanungan; pangalawa, paghingi ng pahintulot mula sa mga awtoridad at impormante; pangatlo, pagpapatupad ng FGD at pagsagot ng mga mag-aaral sa mga talatanungan sa pasulat na paraan; at panghuli, pagsusuri ng mga nalikom na datos. Ang FGD ay naging mahalaga sa pagkuha ng detalyadong opinyon ng mga mag-aaral sa pasulat na anyo, na nagbigay-daan sa mas maayos at pinalalim na pagsusuri ng kanilang mga sagot.

Ang mga nalikom na datos ay ipinroseso ayon sa mga temang lumitaw sa sagot ng mga kalahok. Ang mga magkakatulad at magkasalungat na opinyon ay ipinangkat upang gawing mas madali ang pagsusuri. Ang resulta ng pagsusuri ay nagpakita ng mga simbolismong nakapaloob sa mga liriko ng mga awiting Bisaya, na nagpapakita ng pagpapahalaga sa kulturang Pilipino, partikular na sa aspeto ng ugnayang emosyonal at sosyal.

## RESULTA AT TALAKAYAN

Ang pananaliksik na ito ay isang pagsusuri sa sampung piling awiting Bisaya *(VisPop)*: Di na, Pabugnaw sa Dagat, Puhon, Ipanumpa Ko, Bukid, Kanang Kuan, Bisaya Ko, Char Char, In Love Ra Kutob, at Pasabta Ko.

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay upang suriin ang mga piling awiting bisaya na naging batayan sa interpretasyon sa mga suliranin na inilahad sa pag-aaral na ito. Nilalaman nito ang pagtatalakay sa mahahalagang suliranin na naging pokus ng pag-aaral upang masuri ang mensaheng itinatampok nito. Gayundin ang makabuluhang nangingibabaw sa mga awiting bisaya na kulturang Pilipino, mga simbolismo at pagpapahalagang emosyonal at sosyal.

**Ang mga Mensaheng Nais Ipahiwatig ng mga Awiting Bisaya.** Ang mga awiting Bisaya tulad ng Di Na, Kanang Kuan, Char Char, In Love Ra Kutob, at Pasabta Ko ay nagbibigay ng malalim na pagninilay hinggil sa pag-ibig. Ang mga awit na ito ay nagsasalaysay ng mga emosyonal na hamon, kalungkutan, at kabiguan sa larangan ng pag-ibig. Tinutukoy nila ang mga pagdududa, pagnanais ng kasiguraduhan, at ang pagsuko sa isang relasyon na hindi natupad. Ang mga awit ay naglalarawan ng mga damdamin ng sakit, pagkatalo, at pagnanasa na matutunan ang mga dahilan sa likod ng mga kabiguan at maghanap ng kasagutan. Ang mga temang ito ay sumasalamin sa mga negatibong aspekto ng pag-ibig—takot, pagkatalo, at kawalan ng tiwala. Ang paghahanap ng kasiguraduhan at ang pagsuko sa mga ilusyon ay nagpapakita ng mga natural na emosyon na nararanasan sa mga relasyon na nagiging sanhi ng kalungkutan at pagsubok sa sarili.

Sa kabilang banda, ang mga awiting Pabugnaw sa Dagat, Puhon, Ipanumpa Ko, at Bukid ay naglalaman ng mga mensahe ng pagninilay-nilay, pananampalataya, at paghahanap ng katahimikan sa buhay. Ang mga awit na ito ay nagpapakita ng mga pagsasaalang-alang sa mga desisyon, karanasan,

at relasyon. Ang mga awit ay nagmumungkahi ng mas malalim na pagsusuri sa ating mga sarili upang magpatuloy at matutunan ang mga leksyon mula sa nakaraan. Ang mga mensaheng ito ay nakatuon sa tiwala sa tamang panahon—ang pag-aalaga sa bawat sandali at pagtanggap sa mga natural na daloy ng buhay. Ang bawat awit ay nagsasabi na darating din ang tamang pagkakataon para sa mga bagay na nais nating makamtan, tulad ng tagumpay, pag-ibig, at katahimikan sa buhay.

Ang pagnanais ng kasiyahan at kasiguraduhan sa buhay ay patuloy na lumulutang sa mga awiting ito, at ang pananampalataya sa mga tamang pagkakataon ay nagpapakita ng tiwala sa plano ng buhay. Sa mga awit na Puhon at Ipanumpa Ko, makikita ang mga mensaheng may kinalaman sa pagkakaroon ng pangako at dedikasyon sa mga relasyon. Ang pagmamahal ay ipinapakita bilang isang katapatan na hindi madaling maglaho, na naglalarawan ng mga saloobin ng pagkakaroon ng tamang pangako at matibay na pagtanggap sa bawat hamon ng buhay. Ang paghahanap ng katahimikan ay isang temang inuukit sa mga awit ng Pabugnaw sa Dagat at Bukid, na tumutukoy sa pangangailangan ng balanse at kapayapaan sa kabila ng magulong mundo.

Sa kabuuan, ang mga awiting Bisaya ay sumasalamin sa mga malalim na karanasan ng tao sa pag-ibig at buhay. Ang mga mensaheng tungkol sa pagsuko sa pag-ibig, hindi masabi-sabing pag-ibig, at ang paghahanap ng kasiguraduhan ay nagpapaalala sa atin ng mga emosyonal na proseso na dulot ng mga relasyon. Ang mga awit na naglalaman ng pagninilay-nilay at pananampalataya ay nagbibigay ng inspirasyon sa pagtanggap sa buhay at pagtitiwala sa mga tamang pagkakataon. Ang mga mensaheng ito ay nagbibigay liwanag sa mga aspekto ng buhay tulad ng pagkatalo, paghihintay, at paglago sa kabila ng mga pagsubok. Sa huli, ang mga awit ay nagiging gabay sa paghahanap ng kahulugan sa buhay, sa pagpapatawad, at sa paghahanap ng tunay na kasiyahan at kapayapaan sa ating mga puso at isipan. Ang mga awit ay nagsisilbing paalala na ang bawat yugto ng buhay—maging ang pagkatalo o tagumpay—ay bahagi ng ating patuloy na paglalakbay upang matutunan ang mga aral ng buhay.

Sang-ayon kina Montera at Plasencia (2016), sa tulong ng wika ay naipadadama ang tindi ng nararamdaman, lungkot, galak, katwiran, layunin, katotohanan, pasasalamat, paghanga, at ng iba pang nais iparating ng sinuman

Ang wika ay isang makapangyarihang kasangkapan na hindi lamang nagbibigay-daan sa pakikipagkomunikasyon ng pang-araw-araw, kundi nagpapahayag din ng iba't ibang damdamin at kaisipan. Ito'y isang sining at paraan ng pagpapahayag na nagbibigay buhay sa iba't ibang uri ng emosyon at karanasan ng tao.

**Mga Kulturang Pilipino na Nangibabaw sa Bawat Awiting Bisaya.** Ang mga kulturang Pilipino ay malalim at puno ng pagpapahalaga na nakaugat sa mga tradisyon, pananaw, at ugnayan sa isa't isa. Ang bawat aspekto ng kulturang ito ay nagpapakita ng malasakit, pagmamahal, at respeto sa pamilya,

komunidad, at kalikasan.

Ang tradisyunal na pag-iinuman sa panahon ng problema ay isang paraan ng mga Pilipino upang maglabas ng saloobin at maghanap ng konsolasyon mula sa pamilya at kaibigan. Dito rin ipinapakita ang kahalagahan ng pagtanggap at pagpapatawad, kung saan ang mga tao ay maluwag sa pagpapatawad upang mapanatili ang harmonya ng relasyon. Kasama ng inuman, ang pagtitipon at kainan ay isang simbolo ng pagpapahalaga sa samahan. Hindi lang ang pagkain ang mahalaga kundi ang kasamahan at pag-uusap, na nagpapakita ng malasakit.

Ang pagsasaya, na hindi lamang tumutukoy sa pansamantalang kaligayahan, ay isang paraan upang magpatuloy at magpahayag ng positibong pananaw sa buhay. Ang pagtitiyaga, na nagmumula sa pagpapahalaga sa mga bagay na hindi agad makamtan, ay isang ugali ng mga Pilipino na nagpapakita ng pagpapahalaga sa mas matagal na proseso ng pag-abot ng layunin. Kasama rito ang pagiging tapat at responsable sa mga pangako, at ang pagiging maalaga sa ibang tao bilang tanda ng malasakit at pag-aalala sa kapakanan ng iba.

Sa pagmamahal sa kalikasan, ang mga Pilipino ay may malalim na koneksyon sa likas na yaman. Hindi lamang ito tinitingnan bilang bahagi ng araw-araw na buhay kundi bilang isang yaman na dapat protektahan para sa susunod na henerasyon. Ang pagsambit ng *"kanang kuan"* ay isang halimbawa ng kultura ng hiya at pagpapakumbaba, na nagpapakita ng pagiging magalang at hindi mapagmataas.

Sa larangan ng panliligaw, ang pagiging talentado ay isang paraan ng pagpapakita ng paghanga, at ang pagiging maprinsipyo ay naglalarawan ng katatagan sa pagpapasya batay sa tamang prinsipyo. Ang *"situationship"* naman ay isang modernong konsepto na nagpapakita ng mas kumplikadong dinamika ng mga kabataan sa kasalukuyan, samantalang ang pagnanasa na magmahal ay isang unibersal na tema.

Higit sa lahat, ang komunikasyon ay isang pundasyon ng lahat ng relasyon sa kulturang Pilipino. Ang bukas na komunikasyon ay mahalaga upang mapanatili ang respeto at malasakit sa isa't isa. Sa kabuuan, ang mga kulturang Pilipino ay nagpapakita ng malalim na pagpapahalaga sa pamilya, komunidad, at kalikasan, na nagsisilbing gabay sa ating pang-araw-araw na buhay.

Ang bawat kultura ay nagdadala ng sariling *set* ng karanasan, tradisyon, at pananaw sa mundo. Upang mapanatili at maipasa ang kanilang kaalaman at pag-unlad, likas na inuukit ng isang komunidad ang kanilang sariling wika. Ito ay nagiging susing bahagi ng kanilang identidad at pamana. Ang wika, na sumasalamin sa kultura ng isang lipunan, ay nagiging daan upang mapanatili ang kanilang kasaysayan at makatulong sa pagsulong ng kanilang kolektibong pag-unlad.

**Mga Simbolismo na Nangibabaw sa Bawat Awiting Bisaya.** Ang mga simbolismong inilahad ay may malalim na kahulugan at koneksyon sa buhay ng mga Pilipino, lalo na sa mga Bisaya. Ang bawat simbolo ay sumasalamin

sa ating kultura, pananaw sa buhay, at mga damdamin na nagbibigay-gabay sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Ang tagay ay simbolo ng pagkakaisa at pakikisama, isang paraan ng pagpapakita ng paggalang at pagkakaibigan. Ang dagat ay kumakatawan sa kalikasan at kalayaan, na may lawak at misteryo na sumasalamin sa mga hindi tiyak na pagkakataon sa buhay. Ang puhon, na nangangahulugang *"sana"* o *"hopefully"*, ay nagpapakita ng pag-asa para sa magandang kinabukasan. Ang gahom ay simbolo ng lakas at kapangyarihan, na nagsasaad ng determinasyon upang magtagumpay sa pagharap ng hamon. Ang bituin ay gabay sa mga pangarap, na parang liwanag sa dilim na nagpapakita ng ating layunin at aspirasyon sa buhay. Ang dalangpan ay kanlungan, isang simbolo ng proteksyon mula sa mga pagsubok.

Ang ipanumpa ay isang sagradong pangako ng katapatan at seryosong pagnanais na tuparin ang obligasyon. Ang bundok o bukid ay simbolo ng pagsusumikap at tagumpay, na kumakatawan sa mga pagsubok at ang halaga ng pagtitiyaga. Ang ulap ay nagpapakita ng pagbabago at damdamin, tulad ng ulap na patuloy na nagbabago. Ang kasabihang Bahala na si Batman ay simbolo ng lakas ng loob at pagtanggap sa hindi tiyak na kinalabasan, isang mentalidad ng mga Pilipino na harapin ang buhay nang walang takot sa hindi inaasahan.

Ang Pacman ay simbolo ng tagumpay at determinasyon, habang ang Kaliwat ni Dagohoy ug Lapu-Lapu ay mga bayani na kumakatawan sa katapangan at pagmamahal sa bayan. Ang text ay simbolo ng komunikasyon at pagpapahayag ng saloobin, isang mahalagang bahagi ng modernong buhay. Ang mata ay simbolo ng pag-unawa, na nagpapakita ng kakayahang makita ang mga aral ng buhay. Ang forever ay kumakatawan sa walang hangganang pagmamahal at pangako, at ang ikaw ay simbolo ng pagmamahal at pagpapahalaga sa isang tao.

Sa pahayag ni Sanchez (2018) ang wika ay bahagi ng pakikipag-ugnayan. Binubuo ito ng mga simbolo, tunog (ponema) at mga kaugnay na batas upang maipahayag ang nais sabihin ng isipan. Wika ang nagsisilbing daluyan ng mabisang komunikasyon at pakikipag-ugnayan.

Ang wika ay isang daluyan ng mabisang komunikasyon at pakikipag-ugnayan sa kapwa. Ito ang pangunahing instrumento na ginagamit natin upang iparating ang ating mga ideya, damdamin, at karanasan. Ang mga salitang ginagamit natin ay may mga kahulugan na nakaugat sa ating kultura at lipunan, kaya't ang paggamit ng wika ay nagiging paraan din ng pagpapahayag ng ating pagkakakilanlan at kultura.

Sa kabuuan, ang mga simbolismong natuklasan ay nagpapakita ng mga aspekto ng buhay ng Pilipino—mga pagsubok, pag-asa, pagmamahal, at tagumpay. Ang bawat simbolo ay nagsasalamin ng ating kultura at pananaw sa buhay.

**Ugnayang Panlipunan na Namalas sa mga Awiting Bisaya sa Aspektong Emosyonal**. Ang mga awit na isinuri ay nagpapakita ng malalim na pagpapahalaga sa iba't ibang aspekto ng emosyonal na karanasan. Ang bawat linya ng mga awit ay may kanya-kanyang mensahe na tumatalakay sa mga damdamin ng pag-ibig, sakit, pag-asa, at koneksyon.

Sa "Di na" ang pagpapahalaga sa pagiging determinado ay malinaw. Ang mga linyang nagpapakita ng pagod at sakit dahil sa isang *toxic* na relasyon ay naglalarawan ng kahalagahan ng pagtigil at paglimos sa kaligayahan, kahit na mahirap at masakit. Ang mensahe ng pagpapahalaga ay nasa pagsasakripisyo ng sarili upang makawala sa isang masamang sitwasyon.

Sa "Pabugnaw sa dagat" ang pagpapahalaga sa pagiging positibo ay makikita sa pagnanais ng mga tao na magtipon at magpahinga sa kabila ng mga problemang kinakaharap. Ipinapakita nito ang kahalagahan ng suporta at koneksyon sa mga mahal sa buhay upang magtagumpay sa mga pagsubok. Sa ganitong paraan, napakahalaga ang pagkakaroon ng mga simpleng sandali ng kaligayahan at pahinga.

Sa "Puhon" makikita ang pagpapahalaga sa pag-asa. Ang pagkalito at pakikibaka ng isang tao ay nahihirapan ngunit umaasa pa rin sa kabila ng mga pagsubok. Ang kahandaan na harapin ang hinaharap, kahit hindi alam ang patutunguhan, ay nagpapakita ng lakas ng loob at pag-asa sa buhay.

Sa "Ipanumpa ko" makikita ang pagpapahalaga sa koneksyon. Ang malalim na pangako at dedikasyon sa isang tao ay nagpapakita ng labis na pagmamahal at handang magsakripisyo para sa ikabubuti ng relasyon. Ang mga linyang nagsasaad ng hindi pagbiya sa minamahal ay nagpapahayag ng matatag na ugnayan at pagtitiwala.

Sa "Bukid" may dalawang pagpapahalaga: ang manatiling konektado at ang may layunin. Sa unang bahagi, ipinapakita ang tapat na pagmamahal at dedikasyon sa isang tao, habang sa pangalawa naman, ipinapakita ang kahalagahan ng bukas na komunikasyon at pag-unawa sa mga damdamin at karanasan ng bawat isa.

Sa "Kanang kuan," ang pagpapahalaga sa pagiging mapayapa ay malinaw sa pagnanais ng nagsasalita na maging kalmado at maayos sa kabila ng mga pinagdadaanan. Pinapakita nito ang kahalagahan ng pagpapatawad at pag-iwas sa mga negatibong emosyon upang mapanatili ang kapayapaan sa sarili.

Sa "Bisaya ko," makikita ang pagpapahalaga sa pagiging matatag at paggalang sa sariling identidad. Ang pagiging proud sa pagiging Bisaya ay nagpapakita ng malalim na pagmamalaki sa kultura at lahi, pati na rin ang pagnanais na makuha ang respeto ng iba.

Sa "Char char," ang pagpapahalaga sa pagiging determinado ay makikita sa pagpapakita ng kahalagahan ng mga alaala at komunikasyon sa relasyon. Ipinapakita nito ang kahalagahan ng pagtanggap sa mga nangyari at ang pagtutok sa personal na pag-unlad.

Sa "In love ra kutob," ang pagpapahalaga sa pagiging tapat ay nagpapakita ng positibong pananaw sa pagmamahal. Ang pagiging tapat sa nararamdaman,

kahit na may mga paghihirap, ay nagpapakita ng malalim na pag-unawa at respeto sa sarili at sa iba.

Sa "Pasabta ko," ang pagpapahalaga sa pagiging matatag ay makikita sa pagpapakita ng mga damdamin ng pagmamahal at pagsisisi. Sa kabila ng mga pagsubok, ang patuloy na pag-asa at pagnanais na magpatuloy ay isang positibong aspekto ng relasyon.

Sa kabuuan, ang mga awit ay naglalaman ng malalim na mensahe tungkol sa mga emosyon ng tao, na nagpapakita ng pagpapahalaga sa pagkakakilanlan, koneksyon, at lakas ng loob na magpatuloy sa kabila ng mga hamon sa buhay.

### Ugnayang Panlipunan na Namalas sa mga Awiting Bisaya sa Aspektong Sosyal

Ang mga awiting tinatalakay sa pagsusuri ay nagpapakita ng iba't ibang pagpapahalaga na nauugnay sa aspektong sosyal. Sa awiting "Di na" nakikita ang pagpapahalaga sa malikhain at mabuting pakikisama, na ipinapahayag sa pamamagitan ng pagpapakita ng pagkasabik sa muling pagkikita at pag-aalala sa kausap. Ang "Pabugnaw sa dagat" naman ay nagpapakita ng pagkakaisa ng pamilya at barkada, na binibigyang-diin ang pagtutulungan at sama-samang kaligayahan sa kabila ng mga pagsubok.

Samantala, sa awiting "Puhon," itinatampok ang pagpapahalaga sa paggalang sa karapatang pantao, kung saan binibigyang-diin ang tamang panahon at pasensya sa pag-unawa sa desisyon ng iba. Sa "Ipanumpa ko" naman ay makikita ang pagpapahalaga sa pananagutang sosyal, na ipinapakita sa pamamagitan ng pagtangkilik sa mga responsibilidad at handang magbigay ng suporta sa oras ng pangangailangan.

Sa "Bukid" nakikita ang pagtataguyod ng kawalan ng karahasan at pagmamalasakit para sa kabutihan ng nakararami, kung saan ang komunikasyon at pagkakaroon ng malasakit sa isa't isa ay itinataguyod. Sa awiting "Kanang kuan" ipinapakita ang pagmamalasakit sa kapwa, pagtanggap, at pagpapatawad, na nag-aambag sa mas magandang relasyon at komunidad.

Sa "Bisaya ko" may pagpapahalaga sa pagkakaiba-iba, na nagpapakita ng pagnanais ng pagkakaisa at respeto sa lahat ng uri ng pagkakaiba. Sa "Char char" makikita naman ang kahalagahan ng makatarungang desisyon, na hindi palaging madali ngunit kinakailangan ng pag-unawa at pagtanggap. Sa "Pasabta ko" ipinamamalas ang pananagutang sosyal, kung saan binibigyang-diin ang komunikasyon at pagtutulungan sa mga relasyon, pati na rin ang responsibilidad sa mga plano at aksyon. Ang mga awit na ito ay sumasalamin sa mga mahalagang pagpapahalaga ng tao sa lipunan, tulad ng pagkakaisa, malasakit, at paggalang sa bawat isa.

## KONGKLUSYON

Ang mga awiting Bisaya ay mahalagang bahagi ng kulturang Pilipino na nagsisilbing salamin ng mga paniniwala, pagpapahalaga, at emosyon ng

mga Pilipino, lalo na sa mga lugar ng Kabisayaan. Ang mga ito ay nagiging daluyan ng mga mensaheng nais iparating ng mga kompositor at mang-aawit, na nagdadala ng kakaibang perspektibo sa bawat awitin. Sa kabila ng kanilang pagkakaiba-iba, malinaw na ang mga awiting Bisaya ay may malalim na kaugnayan sa mga aspektong emosyonal at sosyal ng buhay ng mga Pilipino.

Sa pagsusuri ng mga napiling awitin, nangibabaw ang iba't ibang simbolismo na nagbigay-liwanag sa mensahe at layunin ng mga may-akda. Ang mga simbolismong ito ay nagbigay-diin sa mga pagpapahalagang mahalaga sa bawat Pilipino, gaya ng pagiging matatag, determinasyon, at positibong pananaw sa kabila ng mga hamon sa buhay. Ang mga awitin ay nagpapahayag ng koneksyon sa kapwa, pananampalataya sa pag-asa, at ang kahalagahan ng katapatan at kapayapaan sa pang-araw-araw na buhay. Ang ganitong emosyonal na aspeto ay nagpapalakas ng loob ng mga tagapakinig at nagbibigay-inspirasyon upang harapin ang kanilang sariling mga hamon.

Bukod dito, binibigyang-diin din ng mga awiting Bisaya ang sosyal na aspeto ng buhay. Ang mga liriko ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa pananagutang panlipunan, paggalang sa karapatang pantao, at pagmamalasakit sa kapakanan ng nakararami. Ang mga ganitong positibong balyu ay nagtataguyod ng pagkakaisa, pagkakaintindihan, at maayos na relasyon sa komunidad. Sa ganitong paraan, ang mga awiting Bisaya ay hindi lamang nagiging aliwan kundi nagsisilbi ring kasangkapan sa pagpapalaganap ng mabuting aral at halaga sa lipunan.

Sa kabuuan, ang mga awiting Bisaya ay isang mahalagang yaman ng kulturang Pilipino. Ang mga ito ay hindi lamang nagpapakita ng malikhaing pagpapahayag ngunit nagiging instrumento rin sa pagpapalaganap ng positibong pananaw, emosyonal na katatagan, at sosyal na pagkakaisa. Sa pamamagitan ng musika, patuloy na naitataguyod at naipakikilala ang mga tradisyon at kulturang Pilipino sa mas malawak na lipunan.

## REKOMENDASYON

1. Gamitin ang awtput nito sa pagtuturo sa asignaturang Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga awitin, maaaring ipakita kung paano nito hinuhubog at ipinakikilala ang kultura ng bawat pamayanan. Ang malikhaing pamamaraan ng pagtalakay gamit ang musika ay magpapataas ng interes ng mga mag-aaral sa sariling wika at musika. Nagiging mas buhay at makabuluhan ang talakayan, at nagiging mas madali para sa mga mag-aaral na maunawaan ang papel ng kultura sa kanilang identidad bilang Pilipino.
2. Isama ang mga awiting Bisaya sa kurikulum. Sa kasalukuyan, marami sa mga kabataan ang mas tumatangkilik sa banyagang musika, kaya't mahalagang maipakilala at maipalaganap ang sariling musika, lalo na ang mga awiting Bisaya. Ang ganitong hakbang ay makapagpapalakas

ng pagmamalaki sa sariling wika at kultura, na makatutulong din sa pagtaguyod ng pambansang identidad. Ang pagkakaroon ng mga leksyon na nakasentro sa mga lokal na awitin ay makapagpapalawak ng kaalaman ng kabataan sa yaman ng sariling sining at musika.

3. Maglikom pa ng iba pang awiting Bisaya na hindi saklaw ng pananaliksik na ito. Ang mas maraming halimbawa ng awitin ay magbibigay ng mas malalim at mas malawak na pananaw sa mga temang nakapaloob sa kulturang Bisaya. Makatutulong ito sa pagbibigay-inspirasyon sa mga mag-aaral na tangkilikin ang sariling musika at magamit ito sa iba't ibang paraan, tulad ng sa mga talakayan at proyekto.
   4. Para naman sa mga susunod na mananaliksik, inirerekomenda ang pagsusuri ng iba pang aspekto ng mga awiting Bisaya, gaya ng kanilang epekto sa emosyonal na kalusugan, pagkakakilanlan, at ugnayan sa makabagong teknolohiya. Makatutulong din ang pananaliksik sa mga bagong anyo ng Bisaya na musika, gaya ng modernong folk o indie. Ang mga ganitong pag-aaral ay magpapayaman sa literatura at sa pagpapalaganap ng lokal na kultura sa mas malawak na komunidad. Sa ganitong paraan, mas maitatampok ang awiting Bisaya bilang mahalagang bahagi ng musikang Pilipino.

## SANGGUNIANG BANGGIT

Ball-Rokeach, S. J., & DeFleur, M. L. (1976). A dependency model of mass media effects. Communication Research, 3, 3-21. SPRING 2001 THEORY WORKBOOK. https://tinyurl.com/56jts6vw

Beard, T. (2023). Classical conditioning: How it works and examples. https://tinyurl.com/ycx6k7ww

Delahoyde, M. (2018). Critical theory: Introduction. Michael Delahoyde. https://bit.ly/2ZG08xv

Duran, B. P., & Golingan, J. M. (2020). Ang pagpapahalaga ng OPM sa makabagong henerasyon at ang mga epekto nito sa sarili at buhay. https://tinyurl.com/ywjwakva

Foley, J. M. (2019). Oral tradition. Encyclopedia Britannica. https://bit.ly/3rswIP1

Guache, M. T. (2021). Musika. https://tinyurl.com/55wnfbrm

Hope, A. (2023). 7 benefits of listening to music while studying. https://tinyurl.com/2dxn66ff

Horkheimer, M. (1972). Critical theory: Selected essays. Continuum Pub. Corp. https://tinyurl.com/3yzp5kcr

Jatap, R., Olazo, Paredes, & Pia, J. A. (2017). Paggamit ng musika bilang estratehiya sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. https://cutt.ly/DwI10FPP

Lin, Y. (2015). Media dependency theory. Encyclopedia Britannica. https://tinyurl.com/yfd5a9ky

Mandado, J. O. (2020). Ang penomenong awiting Visayan popular o (VisPop) sa kabatang Sebwano at ilang usaping wika at kultura. American Journal of Humanities and Social Sciences Research. https://tinyurl.com/5n7sczvd

Montera, G., & Plasencia, N. (2016). Komunikasyon at pananaliksik sa wika at kulturang Pilipino. Cebu City: University of San Carlos Press.

Parry, M., & Lord, A. (1933). Theory of oral composition. https://tinyurl.com/3s6bybz7

Sanchez, R. (2018). Komunikasyon sa akademikong Filipino. Manila: Unlimited Books Library Services & Publishing Inc.

Varona, F. A., & Mandado, J. O. (2020). Ang kasanayang pasalita gamit ang kagamitang multimidya sa antas tersyarya. https://tinyurl.com/yj2mk3v5

Viega, M., McFerran, K., Derrington, P., & Saarikallio, S. (2019). Globalizing adolescence: Digital music cultures and music therapy. In Handbook of music, adolescents, and wellbeing (pp. 217-224). https://tinyurl.com/46ft4srd